
DECEMBER 2019


# AQUANEGOSYO KOMIKS

# PAG-AALAGA NG TILAPIA




SARADO NA ANG KUMPANYA KUNG SAAN NAGTRABAHO SI TONY, AT PINAG-IISIPAN NIYANG GAMITIN ANG KANYANG NAKUHANG SEPARATION PAY PARA ITULOY ANG DATING PALAISDAAN NG KANYANG YUMAONG AMA.
ISANG EKTARYANG PALAISDAAN? PERO 'DI NAMAN AKO SANAY SA GANITONG URI NG NEGOSYO.
PARENG TONY! MUKHANG MALALIM ANG INIISIP MO AH?
O, PARENG MIGUEL! IKAW PALA!
NAG-IISIP AKO KUNG ITUTULOY KO BA ANG DATING PALAISDAAN NG AKING AMA, BAKANTE KASI AKO NGAYON.
KUNG AKO SA 'YO, PARE, ITULOY MO NA YAN. MAG-ALAGA KA NG TILAPIA.
TAMANG-TAMA DIN PARE KASI MAYPA-SEMINAR BUKAS ANG FISHCORAL NG BFAR PARA SA PAG-AALAGA NG TILAPIA.


MUKHANG INTERESADO AKO D'YAN PARE AH, OK ANG TIMING. AT MAGANDA RIN ANG MARKET NG TILAPIA DITO SA ATIN, SIGE PARE AATTEND AKO BUKAS.
AT HINDI NAGDALAWANG ISIP NA DUMALO SI TONY KASAMA SI MIGUEL SA SEMINAR NA ISINASAGAWA NG FISHCORAL NG BFAR.
FishCORAL
Tilapia
PAG-AALAGA NG TILAPIA
AT DITO, MALALAMAN NATIN KUNG PAANO NGA BA MAG-ALAGA NG TILAPIA SA ISANG EKTARYANG PALAISDAAN.
PAGHAHANDA NG PALAISDAAN
PATAGIN ANG PALAISDAAN AT TANGGALIN ANG SOBRANG PUTIK AT DUMI.


PATUYUIN ANG PALAISDAAN NG 3-5 ARAW HANGGANG MAGKABITAK-BITAK UPANG MAPUKSA ANG MGA MAPANIRANG HAYOP (PREDATORS) AT IBANG 'DI KAILANGANG ISDA TULAD NG DALAG O HITO.
LAGYAN NG SCREEN ANG PASUKAN AT LABASAN NG TUBIG NG PALAISDAAN UPANG MAIWASAN ANG PAGPASOK NG PREDATORS AT PAGLABAS NG ALAGANG ISDA.
PAPASUKAN NG 3-5CM NA TUBIG.

# PAG-AABONO


MAGHALO NG 30 KILONG APOG AT 10 KILONG ABONO (21-0-0) SA SAMPUNG LITRONG TUBIG.




AT I-SPRAY KUNG KINAKAILANGAN.



MAGSABOG NG TUYONG IPOT NG MANOK SA DAMING 2,000 KILO BAWAT EKTARYA.




PAGPAPATUBIG
DAGDAGAN ANG LALIM NG TUBIG HANGGANG UMABOT SA 1.0 - 1.2 METRO.
PAGHUHULOG NG SEMILYA
SIGURUHIN NA ANG PAGHUHULOG AY GAWIN SA UMAGA (7:00AM - 9:00AM)...
...O DAPIT HAPON (5:00PM - 6:00PM)

# PAMAMARAAN NG PAG-AALAGA

| | EXTENSIVE | SEMI-INTENSIVE | INTENSIVE |
|---|---|---|---|
| DAMING IHUHULOG (SEMILYA) | 1-3 PIRASO BAWAT METRO KWADRADO NA MAY SUKAT NA 17-14 | 4-7 PIRASO BAWAT METRO KWADRADO NA MAY SUKAT NA 14-12 | MULA WALONG PIRASO PATAAS NA MAY SUKAT NA 14-12 |
| PAGPAPAKAIN | NATURAL NA PAGKAIN | NATURAL NA PAGKAIN AT COMMERCIAL FEEDS | COMMERCIAL FEEDS |
| LALIM NG TUBIG | 0.8 - 1.0 METRO | 1.1 - 1.4 METRO | 1.5 - 2.0 METRO |
| PAGPAPALIT NG TUBIG | PAGBABAWAS AT PAGDADAGDAG 2X ISANG BUWAN<br><br>10-20% NG DAMI NG TUBIG | PAGBABAWAS AT PAGDADAGDAG TUWING LINGGO<br><br>10-20% NG DAMI NG TUBIG. LAGYAN NG AERATION KUNG KINAKAILANGAN | MAY AERATION O PATULOY NA AGOS AT PALIT NG TUBIG 2X ISANG BUWAN<br><br>10-20% NG DAMI NG TUBIG |
| TAGAL NG PAG-AALAGA | 5-6 BUWAN | 4-5 BUWAN | 4-5 BUWAN |
| LAKING INANING ISDA | 6-8 PIRASO BAWAT KILO | 4-5 PIRASO BAWAT KILO | 4-5 PIRASO BAWAT KILO |



# PAGPAPAKAIN

| ARAW | URI NG PAGKAIN | % NG TIMBANG NG ISDA |
|---|---|---|
| 1-15 | FRY MASH | 10-15 |
| 16-60 | STARTER CRUMBLE | 10 |
| 61-90 | GROWER PELLETS | 8 |
| 91-150 | FINISHER PELLETS | 5 |






# OPERASYON SA PAG-AALAGA

## GASTOS SA PAGBUO

| | |
|---|---|
| PAGHUKAY SA PALAISDAAN SA P100/M2 | 1,000,000.00 |
| 5 PIRASONG TUBONG PVC 4" | 2,750.00 |
| 5 PIRASONG KONKRETONG TUBO 4" | 3,900.00 |
| 1 ROLYO SALA O SCREEN | 4,500.00 |
| IBANG GASTUSIN (12% NG GASTOS SA PAGBUO) | 121,338.00 |

**KABUUAN P 1,132,488.00**



## GASTOS SA OPERASYON (2 ANIHAN/TAON PARA SA 1 EKTARYANG PALAISDAAN)

| | |
|---|---|
| 100,000 PIRASONG SEMILYA #17 SA P0.25/PIRASO | 40,000.00 |
| 4,000 KG IPOT NG MANOK SA P1.60/KG | 20,000.00 |
| 500 SAKONG PAKAIN SA P1,000/SAKO | 500,000.00 |
| LABOR | 33,600.00 |

**KABUUAN P 593,600.00**


# BENTA

| | | |
|---|---|---|
| NABUHAY SA 2 ANIHAN | = | 80,000 PIRASO (80% SURVIVAL) |
| SA 5 PIRASO/KILO | = | 16,000 KILO |
| SA P 70.00/KILO | = | P 120,000.00 |

NETONG KITA
(BENTA - GASTOS SA OPERASYON)
P 1,120,000.00 - P 593,600.00 = P 526,400.00

BALIK PUHUNAN
(NETONG KITA ÷ GASTOS SA OPERASYON)
P 526,400.00 ÷ P 593,600.00 = 88.6%

TAGAL NG BALIK-PUHUNAN
(GASTOS SA PAGBUO ÷ NETONG KITA)
P 1,132,488.00 ÷ P 526,400
2.15 TAON O 25.8 BUWAN






MASAYANG UMUWI ANG MAGKAIBIGAN PAGKATAPOS NG SEMINAR NA ISINAGAWA SA KANILANG BAYAN.
PARENG MIGUEL, MALAKING TULONG ANG SEMINAR NA ITO AT NALAMAN KO KUNG ANO ANG MAAARING GAWIN SA PAMANA NG AKING AMA!
SA TAAS TAYO PARE MAGPASALAMAT, AT MAY BFAR NA MAY GANITONG PROGRAMA NA MALAKI ANG NAITUTULONG SA PAMAYANAN.


ISANG UMAGA...
PARENG MIGUEL, MAGSE-CELEBRATE TAYO! MAGANDA ANG ANI KO SA PALAISDAAN. HINTAYIN KITA MAMAYANG HAPON SA BAHAY, MAGHAHANDA AKO AT MAGVIVIDEOKE TAYO!
AYOS PARENG TONY! 'DI KO TATANGGIHAN YAN, SUSUGURIN KITA DYAN! HAHAHA!
- END -

FISHERIES, COASTAL RESOURCES AND LIVELIHOOD PROJECT
PCA BUILDING ELLIPTICAL ROAD, DILIMAN QUEZON CITY
http://fishcoralproject.bfar.da.gov.ph